# KONKRETONG SOLUSYON, TAGA-SALBA NG NAIS MAKA-AHON

*by:*
**Xian Jade L. Ansale**
*San Ramon Elementary School*

Karapatdapat talagang pag-aralan pa ng Kongreso ang mga top importers ng bigas kaugnay sa umanoý rice carter na nagkokontrol ng presyo. Ang mga pangunahing rice importers at negosyante tulad ng Bly Agri Venture Trading, Atara Marketing Inc., at marami pang iba.

Ang pagmamanipula ng presyo ng bigas ay nagbibigay ng malaking epekto sa mga mahihirap na mamamayan na nangangailangang magbayad ng mahigit P50 hanggang P55 bawat kilo. Kung maipagpapatuloy ang ganito, hindi abot-kaya para sa maraming pamilyang Pilipino na dahilan kung bakit silaý naghihirap sa araw-araw.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kung magpapatuloy ito, patuloy rin ang epekto nito sa mga mahihirap pati na rin sa mga kapiranggot lamang ang sinasahod tulad ng isang janitor na kakaunti lamang ang sweldo.

Maaari ding magpahintulot sa mga importers na magtaas ng presyo ng walang takot dahil sa kawalan ng kompetisyon.

Kailangang maibsan at mabigyang katapusan ang mga sabwatang katulad nito dahil nagdudulot ito ng malaking pinsala sa mga magsasaka, consumer at maging sa ekonomiya ng bansa.

Hindi rin makatarungan ang paggamit nito sa kanilang mga posisyon. Hindi dapat ang pagkontrol ng presyo bagkus kung susuriin natin, grabe ang epekto nito sa mga mamamayan na dumaranas ng pagpapakasakit.

Nagpapalala din ito ng malnutrisyon at gutom dulot ng hindi abot-kaya ng iilan. Maaari rin na dahil sa pagkatuklas ng lipunan tungkol sa sabwatan ay magdala ng mga protesta na magpapalaki sa isyu.

Para dito, kinakailangan ng pansamantalang mga hakbang upang establisin ang presyo. Maaari ring magtulungan ang publiko at pribado upang matiyak ang patas na pamilihan. Pwede na rin ang pagpapalakas ng mga awtoridad sa regulasyon. Epektibong pangangasiwa ay nararapat upang maiwasan ang sabwatan.

Sana ay bigyang-diin at katarungan ang mga pangyayari tulad nito. Isang agarang solusyon na maaaring maging taga-salba ng mga apektado. Tayo ay tumugon sa kinabukasan ng bawat isa para naman sa ikauusad nating lahat.

Hayaan nating maisalba ng konkretong solusyon ang mga nais maka-ahon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*